

6-1-2021

Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay

Tagalog Sound: Reflections on the Culture of Listening and the Political Ecology of Things

Gary C. Devilles

Pamantasang Ateneo de Manila, gdevilles@ateneo.edu

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/katipunan>

Recommended Citation

Devilles, Gary C. (2021) "Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay," *Katipunan*: Vol. 8: Iss. 1, Article 11.

Available at: <https://archium.ateneo.edu/katipunan/vol8/iss1/11>

This Mga Artikulo is brought to you for free and open access by the Ateneo Journals at Archium Ateneo. It has been accepted for inclusion in Katipunan by an authorized editor of Archium Ateneo.

Tunog Tagalog: Pagninilay-nilay sa Kultura ng Pakikinig at Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay

Tagalog Sound: Reflections on the Culture of Listening and the Political Ecology of Things

Gary C. Devilles
Pamantasang Ateneo de Manila
gdevilles@ateneo.edu

Abstrak

Tinatangka ng papel na ito na magnilay sa katahimikan at tunog na nagmumula sa karanasan ng pandemya tungo sa isang artikulasyon ng politikal na ekolohiya ng mga bagay gamit ang mga salitang may kinalaman sa tunog at ilang tanaga sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina de Noceda at de Sanlucar. Inaasahan na sa pagdalumat ng mga kahulugan ng salita, maiwi ito sa isang pagdalumat sa karanasan ng pananahimik o pakikinig sa kalikasan at maging panimulang artikulasyon ng kultura ng pakikinig sa Maynila bago ito naging maingay na lungsod ngayon. Pagbabatayan sa papel na ito ang mga teorya ng politikal na ekolohiya ng mga bagay ni Jane Bennett at pakikinig sa kalikasan at katahimikan ni Norie Neumark.

This paper attempts to reflect on silence and sound emanating from the experience of the pandemic towards an articulation of a political ecology of things by using words related to sound and a few tanaga from Vocabulario de la Lengua Tagala by de Noceda and de Sanlucar. Through the conceptualization of word meanings, this paper anticipates to bring these concepts back to the experience of being silent with or listening to nature, and turn them into a preliminary articulation of a culture of listening in Manila before it became a city full of noise as of today. This paper will be based on the theory of the political ecology of things by Jane Bennett and listening to nature and silence by Norie Neumark.

Mga Susing-salita

kultura ng pakikinig, aralin ng mga pandama, bagong materyalismo, politikal na ekolohiya ng mga bagay, katahimikan, kalikasan

culture of listening, sense studies, new materialism, political ecology of things, silence, nature

Tungkol sa May-akda

Si Gary C. Devilles ang patnugot ng *Pasakalye: Antolohiya ng Panitikang Filipino*, katuwang na patnugot ni Roland Tolentino sa *Espasyo ng Kulturang Popular*, at may-akda ng *Sensing Manila*, na inilathala lahat ng Ateneo de Manila University Press. Nagtapos siya ng AB Pilosopiya at MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, at PhD sa Media Studies sa La Trobe University, Melbourne, Australia. Si Gary ang kasalukuyang tagapangulo ng Manunuri ng Pelikulang Pilipino na nagbibigay taon-taon ng Gawad Urian sa mga natatanging pelikulang Filipino.

Isang Pagninilay sa Katahimikan at Tunog ng Siyudad sa Pandemya

Isa sa mga kapansin-pansin sa panahon ng lockdown ay ang karanasan ng pananahimik ng siyudad dahil nga may curfew: nakapirmi lamang sa bahay, walang sasakyan sa kalye, at biglaang mapapansin ang huni ng iba't ibang mga ibon, kahol ng aso, tilaok ng manok, ngiyawan ng mga pusa sa bubong ng bahay at marami pang iba (Cinco). Dagdag pa rito ang balita hinggil sa bilang ng pagkakasakit at pagkamatay dulot ng COVID-19, na lubos na nagdulot ng pangamba at pananahimik o tila pagsuko ng kalooban dahil walang magawa o walang laban sa nangyayari. Nariyan ang literal na kumakabog ang dibdib lalo na't kamakailan lang na mangilan-ngilan sa pumanaw ay kilala ko. Hindi na mahalaga kung iginupo man sila ng COVID o ng iba pang karamdaman. Nakapanlulumo pa rin ang pandemya at tila nag-aantay lang ang lahat sa sasapiting kapalaran. Sa ngayon nga tinatayang halos aabot na sa tatlong milyon ang bilang ng nagkasakit at mahigit tatlong milyon naman ang nawalan ng kabuhayan (Crismundo). Sino ba naman ang hindi matutulala o mawiwindang sa ganitong kalagayan?

Dito ko ngayon ibig simulan ang pagninilay sa karanasan ng katahimikan at tunog ng siyudad sa pandemya, at iaangkla ko ito sa malawakang aralin ng pandama at pakikinig, partikular kung paano magagamit mismo ang pakikinig upang palalimin at bigyang-katuturan ang ating mga karanasan (Bull 7). Ibig ko ring balikan ang una kong pag-aaral sa araling pandama sa aking aklat na *Sensing Manila*, kung saan tinalakay ko sa ikalawang kabanata ang kakaibang karanasan ng videoke, bisa ng kampana sa parokya ng Taguig kung saan ako nakatira, ring at tunog ng cellphone, at kung paano itinataguyod ng mga tunog sa kabuoan ang isang uri ng pamumuhay sa siyudad, kasama na ang mga nalilikha o nawawasak na ugnayan ng mga tao rito. Tulad sa nauna ko nang aralin, ang mga tunog ay pananda ng panahon at espasyo, at ginamit ko ang konsepto ni Mikhail Bakhtin na *chronotope* dito, kung saan ang karanasan ng pakikinig ay pagmamalay din sa sariling katuturan ayon sa daloy ng panahon at pananahan (Devilles 71-100).

Interesante na sa kasagsagan ng lockdown, ginamit muli ng simbahan at barangay dito sa Taguig ang megaphone at kampana upang magdaos ng misa, panalangin tuwing tanghali, at mga paalala at tagubilin sa mga naninirahan. At parang umalingawngaw ang sinabi ni Allan Corbin hinggil sa talab ng mga kampana sa pamumuhay ng mga Pranses noong ikalabing-walong siglo na nakaugat ang kanilang pamumuhay sa kampana at tila ang abot ng tunog nito ang lumilikha mismo ng kanilang teritoryo bilang bayan (187). Bagamat hindi man maituturing na umugat ang karanasan ng pandemya sa tunog ng kampana ng simbahan, hindi pa rin matatawaran kung paano umikot o itinataguyod ang pang-araw-araw na pamumuhay namin gamit ito. Sa isang banda nga masasabing laging may pag-alala at tila kinakabahan kami kapag may mga anunsiyo mula sa megaphone o speaker ng simbahan at barangay, subalit kung minsan din naman may pagpapanatag na nadarama tuwing may panalangin. Ayon sa nanay ko, parang yung naririnig niya sa megaphone ang naging pananda niya ng daloy ng panahon. At habang lumalaon hindi na napapansin ang kabagutan, at nagugulat kami na lumipas na pala ang isang lingo, ang ilang buwan, at ito na nga, halos magdadalawang taon na pala kaming nasa lockdown o semi-lockdown. Kahit nakawiwindang o tila wala nang makakapitan sa panahong ito, ang mga pananda ng pagdaloy ng panahon at pananahan ang naging saklay namin sa pagbuno sa bawat araw.

Ganito rin ang ibig kong gawin sa papel na ito na posibleng maging panandang bato sa malawak na proyekto ng pagtalunton sa kasaysayan ng pakikinig sa Maynila. Nais kong magsimula sa mga tunog ng kalikasan gamit ang isa sa mga unang diksiyonaryo, ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar. Hindi ko layunin na buhayin ang mga salitang taal na Tagalog at gamitin ito sa kasalukuyan. Nais ko lamang pagnilayan ang ilang salita at pagpapakahulugan nito lalo na noon na wala pang gaanong ingay ng kalunsuran, matunghayan kung paano nila binuo ang kanilang mundo batay sa mga salita, at mula rito maiugnay ko ito sa kaguluhan at kawalang-katuturang nararanasan sa pandemya ngayon. Bukod dito, kailangang itakda rin na ang mga salita ay binibigkas at hindi lamang larawan o imahen ng mga pangyayari o bagay sa kapaligiran. Kaya kung tutuosin, ang mga salita, lalo na ang mga salita na may kinalaman sa kalikasan, ay tila unang uniberso ng mga binibigkas at naririnig ng katutubo. Hindi aksidente o arbitraryo ang pagbigkas ng mga salita sa mga kahulugan nito. May praktikal na dahilan kung bakit ang pagbigkas ng “oo” ay kailangang ibuka ang bibig at tumatango-tango upang ipahiwatig ang pag-ayon o pagtanggap. Hindi ito naiiba kapag ang isang sanggol halimbawa ay sumususo sa kaniyang ina at umaayon o tinatanggap niya ang gatas o ang kaniyang pagkain. Ganun din naman na hindi rin aksidente ang pagbigkas sa salitang “hindi” na kailangang ipinid nang kaunti ang bibig at umiling-iling upang ipahayag ang pagsalungat. Ito ang mapapansing katangian sa aking palagay sa wikang Tagalog na kahit nga ang mismong salitang Tagalog ay hindi gaaanong nalalayo sa pagbigkas sa salitang taga-ilog, kung saan sila posibleng unang nanirahan at nabuhay, kaya ang mga salita at pagpapakahulugan na nabuo sa paglaon ay may kinalaman talaga sa kanilang pakikipagbuno sa ilog, kasama na ang mga nakikita, nadarama at naririnig dito.

Sa pag-aaral ni David Hendy sa kasaysayan ng ingay, pinag-usapan niya ang mga kagubatan at bundok sa Minnesota na sa halip na tawagin itong Lake View ay binansagan itong Listening Point, at hindi talaga katahimikan ang naririnig nila rito o hindi ito talaga basta lugar para tanawin ang lawa, kundi ito ang lugar kung saan maririnig ang kalikasan, ang ilog, hangin, ulan, at mga hayop (Hendy 20-23). Kaya sa paggamit ko ng mga salita sa *Vocabulario*, ibig kong itakda na ang mga salitang ito na hindi gaanong ginagamit o binibigkas ngayon ay sintomas ng mga pagbabago sa panahon at kapaligiran at sabay na kakulangan na ring maituturing sa kultura at gawi ng pakikinig. Hindi na natin naalaala ang posibleng pagpapakahulugan sa Tagalog bilang taga-ilog dahil hindi na gaanong ginagamit ang ilog bilang transportasyon at pinagkukunan ng pagkain. Mas nakatuon ang ating pandinig sa ingay ng mga sasakyan sa kalye at lansangan. Kaya hindi nakapagtataka na maraming salita na may kinalaman sa pamumuhay sa ilog, pagiging sensitibo sa hangin o kalikasan ang hindi na natin gaanong nauunawaan o natatandaan. At kung minsan nga, dahil wala tayong salita rito o hindi natin maiusal ito, napapatahimik o napatutulala na lang tayo. Kaya layunin ng pagmumuni-muni sa mga salita sa *Vocabulario* na maitanghal ito bilang unang bukal ng pagbigkas sa kalikasan at matunghayan ang kaugnayan at katuturan natin dito, kung paano ito nakikibahagi sa ekolohiya at anong uri ng pakikitungo ang dapat na maturol mula rito.

Sa bahagi ng pagtukoy sa katuturan ng mga salita at ng ating kaugnayan sa kalikasan malaking tulong ang akdang *Voice Tracks: Attuning to Voice in Media and the Arts* ng aking mentor sa La Trobe University, Melbourne na si Norie Neumark, na isa sa mga dalubhasa sa aralin ng tunog. Gamit ang konsepto ng *framing* ni Jacques Ranciere o ang pag-iral at katuturan na batay sa pagbabahagi ng mga katinuan at kamalayaan, ipinakita

ni Norie kung paano ang mga tunog ng kalikasan at art exhibits ay bahagi at sabay na pagmamalay at pagbibigay-kahulugan, na sa isang banda ay likas na umiiral at sa kabilang banda naman, ay kusang pinakikinggan, sinusundan o tinatalunton. Ginagamit din ni Norie ang konsepto ng *attunement* o ang mismong pakikibagay na nagaganap sa malay na pakikinig para rito. Sa ganitong paraan ko rin nais igiya ang proyekto ng pakikinig at pagbibigay katuturan sa naririnig. May *framing* o *attunement* talagang nangyayari kapag pinagmumunihan ang mga salitang may kinalaman sa tunog, kahit pa ang mga salitang ito ay malaon nang hindi ginagamit o binibigkas. Muli, hindi ko ibig lumikha ng kasaysayan ng Maynila ayon sa tunog nito at gaya ng paniniwala ng antropologong si James Mansell, imposibleng makuha talaga ang ganap na kasaysayan ng tunog ng isang lugar o kung paano napakinggan ng isang lipunan noon ang kaniyang lugar, subalit magagawang maunawaan lamang ang naging papel ng tunog sa kanilang pamumuhay noon (7). Kaya nga inaasahan ko rin na sa pag-unawa sa mga salitang may kinalaman sa tunog ng kalikasan, maunawaan ko rin kung ano ang naging papel ng mga salita o tunog na ito sa kanilang pamumuhay at mula rito makagawa ng sariling estratehiya sa pakikinig ngayon o magkaroon ng paraan kung paano nga ba magkakaroon ng katuturan ang pag-iral sa pandemya, sa panahon ng nakabibinging katahimikan, takot, at pangamba.

Ilang Salitang Nagsasatinig sa *Vocabulario de la Lengua Tagala*

Noong 2013 nang nasalanta tayo ng bagyong Yolanda, nagbabala ang PAGASA sa mga storm surges subalit hindi ito naisalin. Pinag-isipan noon na kung sakaling nabatid nila ang kahulugan ng storm surge baka higit pa silang nakapag-ingat. Nagmungkahi ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na gamitin ang salitang daluyong para sa storm surge. Ang nakapukaw ng aking pansin bukod sa napakaraming buhay at ari-arian ang nasalanta ng bagyong ito ay ang tila pag-aapuhap sa angkop na salita upang mabigyan ng babala ang taong-bayan. Matagal-tagal na rin tiyak na naranasan ang storm surge o ang daluyong ng bagyo at sa paglaon nakalimutan hindi lamang ang salita kundi pati na rin ang pag-iingat dito at sa aking palagay, maraming salita ang hindi na ginagamit at hindi na tayo pamilyar dahil nagbago na ang panahon at lugar natin. Bukod sa Tagalog na mula sa taga-ilog (Scott 190), wala na rin ang nakababatid sa Caloocan na hango sa “look” at ang Quiapo na mula sa tubig-halamang, Kuyapo. Maaaring idagdag din dito na ang Makati at Mandaluyong ay ang magkanugnog na lugar kung saan kumakati at dumadaluyong ang Ilog Pasig. Kung paginilayan natin ang mga pangalan ng lugar dito sa kalakhang Maynila lamang, mababatid na maraming ngalan ang may kinalaman talaga sa ilog, tanim o bungangkahoy at ang mga salitang ito ay hindi lamang imahen, bagkus, ay mga audio-visual na imahen na sabay na nakikita at naririnig. Subalit dahil nga urbanisado na at nawala na rin ang mga dating kanal at mga punongkahoy, napakahirap talagang alalahanin ang pinagmulang kahulugan maging ang tunog ng mga salita at pangalang ito.

Mahalagang balikan ngayon ang ilang mga salita sa kalikasan na may kinalaman sa tunog sa mga unang diksiyonaryo na ginamit ng mga prayle noong kasagsagan ng pananakop ng España sa Pilipinas. Isa na rito ang tinipon na diksiyonaryo ni Pedro de San Buenaventura (1613) na naging *Vocabulario de Lengua Tagala* at ipinagpatuloy ni Francisco de San Antonio (1620) na isang Pransiskano na naging misyonero sa Pilipinas noong 1606. Ayon kay Antoon Postma ito ang naging batayan ng maraming diksiyonaryo at taglay nito ang iba’t ibang halaman at punongkahoy sa rehiyon ng lawa ng Bai o Laguna. Isa sa mga

nakinabang sa diksiyonaryong ito ang diksiyonaryo nina Juan Jose de Noceda at Pedro de Sanlucar, na unang nalathala sa Maynila noong 1754, muling nalimbag sa Valladolid, España noong 1832, naisayos muli noong 1860, at naisalin naman ng National Artist na si Virgilio Almario, Elvin Ebreo, at Anna Maria Yglopaz noong 2013. Napakahalagang salik ang *Vocabulario de la Lengua Tagala* dahil hindi lamang ito nagtataglay ng mga kahulugan sa pang-araw-araw na buhay kundi pati na rin ng pagbigkas at ng kadalasang tunog at kahulugan ng mga salita sa konteksto ng mga tula na inaawit din. Sa konteksto ng bugtong, salawikain o tanaga, ang mga salita ay naiayos sa paraang nagkakahimig ito at higit na natatandaan o naaalala. Mahalaga ang sinasabi ni Walter Ong tungkol sa bisa ng tunog sa ating kamalayan, aniya:

When I hear, however, I gather sound simultaneously from every direction at once: I am at the center of my auditory world, which envelopes me, establishing me at a kind of core of sensation and existence. This centering effect of sound is what high-fidelity sound reproduction exploits with intense sophistication. You can immerse yourself in hearing, in sound. There is no way to immerse yourself similarly in sight. (Ong 70)

Ididiin ni Ong na nakapagtatag ng isang uri ng kamalayang pansarili at panloob ang tunog na sabay na naipapahayag at napaiintindi sa kapwa nilalang. Kapag sumigaw ka dahil sa sakit, parang nagiging isang unibersal na salita ito, hindi mo man maunawaang ganap ang nangyayari, subalit ang tunog ng iyak, pananaghoy, at/o sigaw, ay nagkakaroon ng iisang senyal o kahulugan sa sarili at sa mga kalapit na nakaririnig, at nagkaron ng malinaw na ugnayan ang mga nilalang dito. Tatakbo ka ba paalis, o pupunta ka sa sumisigaw upang tumulong? Para kay Ong malaki ang posibilidad na ang kahulugan ng mga salita ay dumudukal talaga sa unang uniberso ng mga tunog at pakikinig. Sa ganitong konteksto ko rin ibig igiya ang talakayan sa mga kahulugan ng salita sa *Vocabulario de la Lengua Tagala*, na higit na maituturing na mga imaheng audio-visual sa halip na mga imaheng biswal lamang.

Pansinin, halimbawa, ang salitang lunday na mababasa sa *Vocabulario* bilang “londay:”

LONDAY: pc. Embarcacion pequeña. *Mag*, haceria, usarla. *In*, de que se hace. *An*, donde. *Man*, andar en ella.

(LONDAY: pc: Isang maliit na sasakyang-dagat. *Mag*, gumawa nito o gumamit nito. *In*, yari sa. *An*, saan. *Man*, sumakay dito.)

londay cong aanodanod,
pinihao nang balaclaot,
caya lamang napanolot,
nang hongmiip yaring timog.

(My boat endlessly adrift in the sea,
tossed by northern winds,
it was able to stay only in the course,
when the southern winds blew) (Lumbera 17; de Noceda 313)

Ayon kay Lumbera, isang indikasyon ng lumalawak na kamalayan ng makata ang tanagang ito na nagpapahayag ng kaniyang saloobin sa nagaganap sa kaniya sa pang-araw-araw na buhay. Lunday ang ginamit na talinghaga upang katawanin o isakongkreto

ang nadaramang kalituhan, na isinasaad sa paanod-anod nitong kalagayan at pagpihaw ng balaklaot. Subalit hindi lamang imahen ng lunday ang nababasa rito. Ang lunday ay umaanod sa dagat o ilog at pinipihaw ng balaklaot. Kung gayon hindi imahen ng katahimikan ang nababasa rito. Naririnig din ang hangin, bagyo at ang hampas ng alon sa lunday. Sa modernong panulaan tinatawag ang ganitong estilo na “objective correlative,” kung saan matalinghagang naipapakita ang pagpapaanod ng lunday sa saloobin at kalagayan ng pagkalito o pagkawala mismo ng persona ng tula. Subalit kung babasahin muli ang tanaga, matutunghayan na ang tahimik na paanod-anod na lunday ay sumasalpok sa agos at hangin. May katuturan ngayon kung bakit ang hangin dito ay hindi lamang tinatawag na hangin, kundi balaklaot. At dahil nga isinaayos ito sa tanaga, hindi malayong magkaroon ng himig ang pagbigkas sa tula, lalo na ang pagpapatig ng mga taludtod, kung saan inihahanay ang mga magkakatatunog na salita, ang lunday sa pinihaw, ang aanod-anod sa balaklaot, ang napanulot at timog. Dito ngayon nagiging malinaw ang ibig sabihin ng patinig o vowels at katinig o consonants, na maging ang mga titik ay mga tinig talaga para sa mga katutubo. At sa apat na taludtod na binibigkas sa pito o walong pantigan, nabubuo ang buong uniberso ng pagpapakahulugan, ang oralidad ng mga katutubo sa pamamangka o pagsakay sa lunday, at ang pagpapaanod o pagpapatangay mula sa mga hampas ng hangin, alon o balaklaot. May kaganapan din sa tula dahil mababasa sa huling dalawang taludtod kung paano napanulot o nanumbalik sa tunguhin ang lunday dahil sa umihip sa timog.

Maaaring hindi gaanong malalim ang ipinahihiwatig ng tanagang ito hinggil sa buhay ayon kay Lumbera, subalit kung pakikilingan ang pagbigkas o pag-awit sa tula, ang lunday ay nagkakaroon ng tanda, senyal, at katuturan sa taong namamangka o tumatawid sa karagatan. Nagkakaroon din ng dimensiyon ang mga salita sa tunog ng kalooban at sabay na ipinahihiwatig sa nakikinig. Nawawala man ang persona sa kaniyang paglalayag, nasusumpungan din sa huli ang pakay at tunguhin. Kung tutuosin, ang ganitong paksa ng pagkawala at panunumbalik sa tinatahak na patutunguhan ay matutunghayan sa halos lahat ng tanaga ng mga katutubo. Magkakaroon ng iba’t ibang bersiyon ang pagkawala at panunumbalik at maaaring matukoy ito sa inaasam na pagpapatag ng mga tugatog, pagkagulat sa mga hindi inaasahan, o pag-ikot ng mundo. At dahil nga maaaring basahin ang mga tanagang ito sa ganitong siste, maaari na nating iangkla ito sa konsepto ni Norie Neumark na katangi-tanging ugnayan ng tao, hayop at bagay, na kapwa may mga tinig sa ekolohiyang ito. Sa tanaga, ang tinig ng lunday, hangin at persona ay tila nagkakaroon ng organikong kaisahan. Ang pananaghoy ng persona na nawawala ay ang pagpapaanod ng lunday at posibleng naririnig din ito sa hangin ng balaklaot. At dahil may mga tinig ang lahat dito, tao man o bagay, narito ngayon ang kakaibang pilosopiya hinggil sa mundong ginagalawan ng katutubo, na una, hindi nila nakikita ang sarili na hiwalay sa kapaligiran; at ikalawa, may buhay at personalidad ang mga bagay, maging ang hangin o ilog. At hindi nakasentro ang pilosopiyang ito sa pangangailangan o punto de bista ng tao. Kung tutuosin nga, makikita na dapat makibagay ang tao sa mga puwersang ito ng kalikasan. Muli, para kay Norie, ang persona ay per-sona at tungkol ito sa sona, sa tinig, at kakayahang magbigay ng tinig. Hindi lamang ito naririnig mula sa tao, kundi sa kaniyang kapaligiran na may kakayahan ring magsatinig (Newmark xvi).

Kung tutuosin hindi na tayo gaanong pamilyar sa lunday ngayon at mas pamilyar na tayo sa bangka na hango sa wikang Español na barca. Nawala na rin ang paggawa ng iba’t ibang uri ng sasakyang pandagat gaya ng balangay, balanra, balasian, bawuto, bilog, kupit,

paraw, subiran, at tango (Scott 111-132). Gayunpaman, sa dinami ng mga uri ng sasakyang pandagat noon, hindi kataka-taka na ang pang-araw-araw na gawi ng pamamangka ay magkaroon ng matalinghagang katuturan sa mga katutubo. Kaya ang bantog na banga ng Manunggul na nahukay sa kuweba ng Tabon sa Palawan noon na tinatayang nalikha noong 890-710 BCE, kung saan ang takip nito ay may lilok ng dalawang taong namamangka, ay posibleng mangahulugan ng pagtanaw o paniniwala ng katutubo sa pagtawid sa kabilang buhay. Ang mismong banga kung tutuosin ay lunday din para sa kanila. Subalit ang pamamangka ay pakikipagsapalaran din sa hangin at karagatan. Ang balaklaot ay hanging nagmumula sa hilagang-silangan, at timog naman ang hanging pabalik. Sa *Vocabulario*, malay ang mga katutubo sa iba't ibang lakas ng hangin at ang salitang agaas, agay-ay, hagayhay at humpay ay tumutukoy sa banayad na ihip; ang mga salitang agoy, agoy-oy, balagiit, balaklaot, at yonto ay para naman sa rumaragasang hangin. Pansinin na kung pakikinggan ang mga salitang ito, narito ang pag-ulit-ulit ng pantig at ang paggamit ng mga katinig na malumi at maragsa kung bigkasin. Ang malapatinig na *oy*, *ay* gaya ng sa agoy, hagayhay at humpay ay ikinakawing sa pagiging banayad ng hangin, samantlang ang may impit na pagbigkas sa mga katinig na *it*, *ot* gaya ng sa balagiit at balaklaot ay ikinakawing sa rumaragasang hangin. Muli, sinasabi ni Hendy, na malaki ang posibilidad na ang salita ay nagmula sa panggagaya ng tunog mula sa mga hayop at kalikasan, kaya karamihan ng salita ay may katangiang onomatopeiko:

They are made up of individual units of sound that capture the essence of the animals (or things) themselves, or which resulted from the gestures made by our tongues and lips when mimicking the creature. Over time, these evolved into more generic linguistic habits that we all share... Ask yourself which nonsense word would better describe the larger of two wooden tables: mil or mal? My guess is that you opted for mal – because that is what most people do regardless of nationality. In lots of languages we associate the “i” sound with small and the “uoa” sound with bigger things. (Hendy 25)

Bukod sa onomatopeikong katangian ng salita, matutunghayan din sa tanaga ang pakikipagbuno sa hangin partikular sa bawat panahon gaya ng malamig na amihan mula Nobyembre o Disyembre hanggang Mayo o Hunyo, at ang hanging habagat na nagdadala ng bagyo mula Mayo hanggang Oktubre. At bagamat bagyo ang tawag sa dala-dala ng habagat, may mga salitang makikita sa *Vocabulario* na tumutukoy sa malakas na pagpatak ng tubig o ulan gaya ng dagaluak, dagasa, daginding, dagongdong, hagahal at lanrak. Muli, hindi na gaanong pamilyar ang mga salitang ito liban sa dagasa na minsan ding binibigkas na ragasa at dagundong. Subalit mahihiwatigan sa pagbigkas sa mga salitang ito ang kaganapan o pangyayaring inilalahad. Posible marahil gamitin ang mga salitang ito bilang pantukoy sa mga storm surges o daluyong na nararanasan dahil rumaragasa o dumadagundong ang hangin at ulan. Kahit hindi gaanong naiintindihan ang kahulugan ng mga salitang ito ngayon, marahil sa pagbigkas pa lamang, mahihinuha na ang posibleng epekto ng storm surge at mababalaanan sila. Ito marahil ang ibig sabihin din ni Norie sa kaniyang akda na ang tinig ng mga bagay at ang kapaligiran ay nagtataglay ng alaala na posible talagang mahiwatigan kahit wala na o bakas na lamang ang nalalabi ngayon (69-70).

Tulad nang nabanggit na ang pamamangka ay isang karanasan ng pagkawala at panunumbalik sa takdang hantungan, madudukal ang bersiyon ng temang ito sa pahiwatig ng pagpapatag ng mga ugnayan. Sa isang tanaga muli kung saan nagsasalita ang mga

bagay gaya ng tulos at lumot, matutunghayan ang pagtatangkang makiayon o makisama ng munting lumot sa kakapitang tulos kapag dumating ang agos na tatangay sa kanila:

Catitibay ca tolos
sacaling datnang agos
aco, i, momonting lomot
sa iyo, i, popolopot.

(Stand firm, Pole,
should a current come,
I am a bit of moss
that will twine around you.) (de Noceda 312)

Para sa katutubo, malinaw na ang lahat ay nakikibagay sa kalikasan. May karanasan ng pagkawala gaya ng lunday na paanod-anod o pagtangay ng agos sa mumunting lumot. At ang tinig na maririnig ay laging tinig ng ngumangawa o nanaghoy at hindi malayong marinig talaga ito sa rumaragasang ulan, hangin at tubig. Sa *Vocabulario* muli matatagpuan ang mga salitang may kinalaman sa mismong tunog ng tubig gaya ng alimbukay o ang tunog ng alon habang namamangka, dalahik para sa banayad na alon, ogak para sa malalaking alon, pagispis sa along sumasagi sa bangka, at saguak kapag nilulundo ang bangka ng alon. Bukod sa mga salitang ito, ang pananaghoy dahil sa pagkawala ay mababasa rin sa tanagang ito:

Ang palar cong masacona
ipinagtatanong co nga,
cun sinong cahalimbaua
na sa cati nagigiuia

(My life is full of disasters,
and I wish to know
with what to compare it,
being ashore yet tossed by waves.) (Hornedo 78)

Walang inihahain na resolusyon kung tutuosin ang tanagang ito tungkol sa kaniyang buhay na puno ng sakuna, at sa bandang huli pa nga kahit na nasa baybayin na ang persona nararanasan pa rin ang paggiwang sa kaniya. Marahil malinaw ang pagtingin ng katutubo dito sa kalikasan, na nakikiayon lamang ang ating pag-iral sa galaw nito kaya ang kalikasan mismo ang nagsisilbing hibla ng pagdadalamhati. Sa isa pang tanaga, ang pagkawala sa karagatan ay itutumbas pa nga sa panibugho ng isang bigong mangingibig. Sinipi ni Fr. Joaquin de Coria ang tanagang ito sa kaniyang *Treatise on Tagalog Poetry* na nalathala sa Madrid noong 1872 at isinalin ni Florentino Hornedo:

Puso co, i, lulutang-lutang
sa gitna ng caragatan
ang aking tinitimbulan
titig nang mata mo lamang

(My heart is afloat
in the middle of the ocean
and the only buoy I have
is the look from your eyes) (Hornedo 64)

Sa tanangang ito, mababasa ang tahasang pagsusumamo, at hindi na lunday o lumot ang lumulutang kundi ang puso mismo. Wala ring resolusyon dito dahil sa dakong huli nanatiling palutang-lutang ang puso sa timbulan ng mga pagtitig ng kaniyang sinisinta. Posible kayang bahagi ang tanangang ito ng inaawit ng mga namamangka? Bagamat hindi makatitiyak, ang *Vocabulario* ay naglalaman ng mga awit sa pamamangka gaya ng pamatbag, pamogso, hagotak, dagiray at balikongkong. Walang gaanong nakapagtala ng mga awiting ito; matutunghayan naman na ang pamamangka mismo, ang pakikipagsapalaran sa hangin at alon, ay pakikinig na rin sa awit ng kalikasan. Kaya ayon muli kay Norie, sa tinig ng hangin at alon nailalahad ang matatalik nating kaugnayan sa isa't isa, bigo man o may patutunguhan ito (52). Mula sa mga tanangang ito, magiging malinaw rin kung bakit gagamitin ang pamamangka sa artikulasyon ng Kristiyanong pananampalataya sa pinakaunang tulang Tagalog na sinulat ng isang una persona tagala, ang tulang, “May Bagyo Ma’t May Rilim” (though it is stormy and dark).

Makikita ang tulang “May Bagyo Ma’t May Rilim” kasama ng tula ni Fernando Bagongbanta sa *Memorial de la vida cristiana en lengua tagala* (1605) ni Fr. Francisco de San Jose. Kapwa maituturing na paggunita at pagpupugay ang mga tula sa aklat na ito ni San Jose. Homiliya at mga payo ni San Jose hinggil sa Sampung Utos ang *Memorial* at itinuturing na Demosthenes ng wikang Tagalog si San Jose ayon sa introduksiyon ni Sanlucar sa *Vocabulario* (Lumbera 27-28). Nagsisimula ang tula sa paghahanap sa Diyos at sinusuong ng persona ang bagyo at karimlan:

May bagyo ma,t, may rilim
ang ola,y, titiguisin,
aco,y, magpipilit din:
aquiring paglalabayin
toloyin cong hanapin
Dios na ama namin

(Though it is stormy and dark,
I'll strain my tearful plaints
and struggle on –
I'll set out on a voyage
and persist in my search
for God our Father.) (Lumbera 40)

Pansinin muli na hindi lamang tahimik na imahen ang madudukal sa tula. Tumitigis ang ulan at bumabagyo, na tiyak na may malalakas na bugso ng hangin. Audio-biswal ang mga salitang ginamit dito. At nagpatuloy ang persona sa pahiwatig na makukuha lamang ang lakas o sandata mula sa pagbabasa ng *Memorial*:

Cun di man magupiling
tocsong mabaomabaouin
aco,y, mangangahas din:
itong libro,y, basahin,
at dito co hahangoin
aquiring sasandatahin

Cun dati mang nabulag
aco,y, pasasalamat,
na ito ang liuanag

Dios ang nagpahayag
sa Padreng nagsualat
nitong mabuting sulat.

(Though it doesn't sleep a wink
this temptation bearing down on me,
still will I dare
to read this book,
and from it, draw
the weapon I'll wield.

Having lost my sight in the past
I'm giving thanks
for this light
which God let shine
upon the priest who has made known
this noble book.) (Lumbera 40-41)

At babangitin na tula, gaya ng mga naunang tanaga, ang pagkawala sa karagatan, ang kaniyang pakikipagsapalaran na nauwi sa kaniyang pagkalumpo at pagkapilay, at ang kaniyang nananatiling matatag na pananampalataya:

Nagiuwa ma,t, nabagbag
daluyong matataas
acoy magsusumicad
babagohin ang lacas:
dito rin hahaguilap
timbulang icaliligtas.

Con lompo ma,t, cun pilay
anong di icahacbang
na ito ang aacay
magtuturo nang daan;
toncod ay inilaan
sucat pagcatibayan.

(Though tossed and dashed
by huge waves,
I'll trash my legs
and renew my strength –
in this [book] will I grasp
the buoy that saves.

Though disabled and limping
nothing can hold back my steps,
for this [book] will take me by the hand
and show me the way –
the staff was prepared
to give me strength.) (Lumbera 41-42)

Madaling itakda na ang buong tula ay tula na nanghihikayat lamang na magiging mabuting Kristiyano ang sino mang babasa ng *Memorial*. Subalit dahil babad ang di-kilalang makata na ito sa pamumuhay ng katutubo noon, posible ring tingnan na hindi

lamang ito simpleng panghihikayat na maging Kristiyano, bagkus maging ganap na katutubo at tumubo nang umaayon sa galaw ng kalikasan pa rin, sa pakikinig sa hangin at bagyo, sa pakikipagsapalaran sa karagatan, at sa pamumuhay nang matiwasay. Higit pa sa mensahe ng pagiging mabuting Kristiyano, madudukal ang isang pagtatangka na gumawa ng isang etikang batay sa pag-iral at sabay na pagtubo, pakikiayon, at pakikinig sa kalikasan. Ayon kay R. Murray Schafer kung mapakikinggan lamang ang mga sinaunang tunog ng hangin at tubig, maaaring mahiwatigan din ang lahat ng mga pagbabago, ang mismong pagkawala ng tunog, pananahimik, at maging ang umaalimbukay na tinig ng mga alon. Sa mga tunog na ito hindi nakagugulat kung masumpungan din ng tao kung bakit at ano ang dahilan ng kaniyang pag-iral (15-22). Para sa mga katutubo, ang tinig ng kalikasan ay pamamangka mismo sa kabilang buhay, pagpapaalala na hindi hangganan ang daluyong ng dagat, na abot-tanaw ang ibayo, at may posibilidad ng pag-ahon, pagkati, at paghumpay ng bagyo.

Kultura ng Pakikinig Tungo sa Politikal na Ekolohiya ng mga Bagay

Sinabi ko sa simula na ibig kong magnilay sa katahimikang bumabalot sa karanasan natin ng lockdown, at binabalikan ko muli ang sinabi ni Norie hinggil sa katahimikan na hindi ito kawalan kundi simula ng pakikinig, upang maintindihan ang pagkalito at karanasan ng pagkawindang at sabay na upang makiayon sa kalikasan, maunawaan na may mas malawak pang pag-iral na dapat kilalanin at hindi lamang ang sarili (167-170). Ang mga salita ng tunog na makikita sa *Vocabulario*, tanaga at tula ay nagpapahiwatig na ang pananaghoy o pananahimik ay maaaring mauwi sa pagmamalay na ang ating pag-iral ay kumakawing sa lahat ng nilalang dito sa mundo at anumang makapipinsala sa isa ay makapipinsala sa lahat. At dahil ang pag-iral ay pakikibahagi, nakikibahagi rin tayo mula sa kalunos-lunos na kalagayan, hanggang sa pangako ng pakikiisa, pakikisimpatiya, at pakikisama gaanoman kaiksi o karupok ang buhay. Ito ang konsepto ng *framing* ni Jacques Rancier at *attunement* ni Norie Neumark. Sa pakikiisa, pakikisimpatiya, nakikiayon talaga tayo sa kabuong pag-iral. Maging ang mga salita ay hindi mga arbitrayong tanda lamang, may pinagmumulan silang uniberso ng mga tunog at pagbibigay tinig upang magkaroon ng interioridad at sabay na maipahiwatig ang kaloobang ito sa ibang nilalang, kapwa tao, hayop, at bagay. At ang katutubo ang nagtuturo sa atin na ang ating pakikinig ay sabay na pagsesentro ng sarili at paglubog sa unibersong ito. Ayon nga sa tanaga:

Ang tubig ma'y malalim
malilirip kung lipdin,
itong budhing magaling
maliwag paghanapin. (de Noceda 304)

Maaring malirip ang malalim na tubig kung lilipdin, subalit maliwag ang pakikinig at paghanap sa kalooban dahil balintuna ang katahimikan, tumitibok ang puso, nanginingig, nangangamba, napapanatag, at natatanggap ang karupukan ng buhay.

Ito rin sa aking palagay ang natunghayan ko sa pananahimik at pakikinig sa lockdown. Kung tutuosin sa panahon na may physical distancing, nakatakip ang ilong at bibig, tanging ang tainga na lamang talaga ang halos gumagana nang lubos, subalit sa halip na pag-ibayuhin ang pakikinig, higit pa ngang nagbibingi-bingihan tayo. Ayon nga sa manunulat na si Arundhati Roy, maraming ipinamulat at ipinarinig ang virus na kung

tutuosin ay hindi naman nakikita o naririnig ito. Ipinamulat nito ang mga bagay na binabalewala o pinagbibingi-bingihan ng pamahalaan, gaya ng suliranin ng kahirapan, climate emergency, mental health, pang-aabuso ng kapangyarihan, at marami pang iba. Sa konteksto na lamang natin, ipinasara ang ABS-CBN; ang network na dati’y nakaabot sa mga liblib na lugar ng bansa ay hindi na naririnig sa himpapawid (Gutierrez). Nariyan din ang pagkaso at ambang pagpapatahimik sa Rappler na kilalang kritikal sa pamahalaang Duterte (Ratcliffe). Sa kasagsagan ng lockdown, naisabat pa ang anti-terror law o ang Republic Act No. 11479, na ang intensiyon ay ang politikal na pagpapatahimik sa mga kritiko ng pamahalaan. Militarisasyon ang naging tugon ng pamahalaan sa pandemya, isang uri ng kanilang pakikidigma.

Ang bunga ng ganitong militaristikong tugon sa pandemya ay ang mismong kontradiksiyong naganap noong 22 Abril 2020, kung kailan pinaslang ng isang pulis ang mismong kahanay nila sa sektor ng seguridad, ang retiradong militar na may post-traumatic stress disorder mula sa pagkakadestino sa digmaan sa Marawi noong 2017 na si Winston Ragos. Ang biktimang si Ragos, edad 34, ay lumabag diumano sa checkpoint sa Maligaya Drive ng Brgy. Pasong Putik, Quezon City. Ayon sa mga pulis, sinabihan nilang umuwi na si Ragos dahil nga sa lockdown, subalit sa halip na sumunod, nagsisigaw ito, binantaan sila, kaya nila binaril. Sa CCTV footage ng pangyayari maririnig ang pakiusap ng mga residente na nagsasabing, “Sir, may tama na ‘yan, ‘wag niyo patulan.” Sumagot naman ang isang pulis na “Wag kayong makialam, wala akong pakialam. Papatayin namin ‘yan” (Talabong). Ang ganitong kalunos-lunos na pangyayari ang nagsisiwalat sa lohika ng militarismo, at ganap na taliwas ito sa pagiging sensitibo, pagkakaroon ng sensibilidad, at ibayong pakikinig na kailangan ngayon. Maraming Ragos na isinakripisyo sa ngalan ng digmaan laban sa pandemya. Sa ngayon ay tinataya ngang mayroon nang 2.8 milyon na nagkasakit dulot ng COVID-19, at humigit sa tatlong milyon naman ang nawalan ng hanapbuhay. Paano pakikiggan ang mga hinaing ng bawat isa sa milyong kataong ito? Hindi ba’t sa isang banda, narinig na natin ang ganitong panaghoy ni Florante sa awit ni Balagtas sa mga taludtod na:

Sa loób at labas ng bayan kong sawí
Kaliluha’y siyang nangyayaring hari,
Kagalinga’t bait ay nalulugami,
Ininis sa hukay ng dusa’t pighati. (Melendrez-Cruz, et al. 345)

Subalit mula noon hanggang ngayon, bakit patuloy pa rin ang pagbingi-bingihan? Bakit walang Aladin ang nakikinig sa tabi at nauunawaan na ang panaghoy ng isa ay panaghoy din ng lahat? Wala pa nga sa pinagbibingihan natin dito ang panawagan ng mga manggagawang pangkalusugan na itinuturing na frontliners sa digmaang ito. Marami pa rin sa kanila ang hindi sumusuweldo nang sapat sa kabila ng mga ulat ng katiwalian sa paggamit ng pondo ng pamahalaan (Portugal).

Maging sa sektor ng edukasyon kung saan online ang moda ng lahat ng pag-aaral, hindi pa rin talaga maayos ang mga internet connection, at ang iba pa ngang mga mag-aaral ay walang koryente at hindi pa rin nakabibili ng laptop o cellphone. Kung mayroon mang laptop, kung minsan ay pinaghihiraman pa ito ng mga magkakapatid. Halos ganito rin ang lagay ng karamihan sa mga guro natin. Kaya nga ang laging tanong ng sinumang nag-online meeting o lektura sa simula ay “naririnig ninyo ba ako?” Kung minsan naman ay hindi na lang talaga ito usapin ng walang naririnig, kundi ang dami nang naririnig na ingay dahil na rin sa kaniya-kaniyang bahay ang lunan ng online classes. Nariyan

ang marinig ang away ng kapitbahay, ang mga utos at habilin ng nanay na maglinis ng kuwarto, ang tahulan ng aso, ang putak ng mga manok, ang pagpapatugtog ng stereo at videoke ng mga kapitbahay. Bagamat may mga ilang lugar na ipinagbabawal ang videoke mula umaga hanggang hapon, dito lamang sa amin sa Taguig, mahirap nang pagsabihan ang mga kapitbahay na hinaan nila ang pagviveoke o ang kanilang mga stereo, at baka nga mapaaway pa ako. Naghanap ako ng mikropono sa Shopee na may white noise reduction application. Pero kahit ako na nakabibili ng mga gadgets, batid ko na hindi sa lahat ng pagkakataon ay ganitong may magagawa ang mga guro at mag-aaral ukol sa ating pinagsasaluhang mga kalagayan. May ilang mag-aaral pa nga na pinagsasabay na talaga ang pagtatrabaho at pakikinig sa online na lektura. Kaya't minsan na tawagin ko ang isang mag-aaral sa klase, narinig talaga namin ang ingay ng palengke sa paligid niya, ang mga namimili at mga motorsiklong sasakyan na dumaraan. At bilang guro, kailangang tanggapin na ganito ang kalagayan ng aming klase at malamang sa malamang ay magtagal pa ang ganitong sitwasyon hanggang sa susunod na taon ng 2022.

Pansamantala, kailangang igiya ang pagtuturo at pag-aaral sa sensitibong pakikinig sa kalagayan ng isa't isa at sa kakaibang sitwasyon ng lockdown, na may mga estudyante na pinagsasabay ang trabaho at pag-aaral, na may mga lugar na wala pa ring internet connection o maging koryente pa nga, na marami-rami na rin ang naririndi sa hirap ng buhay at pasakit nito sa ating isipan o mental na kalusugan. Bago ang pandemya, matagal-tagal na rin akong hindi nakapagsisimba dahil sa abala sa maraming bagay. Nang magkabit ng mga speaker sa aming baranggay at ipinasahimpapawid ang mga misa, angelus, at mga dasal, muli kong nabalikan ang mga dasal na ito na unang itinuro sa akin noong bata pa. Sa ilang mga pagkakataon, nagawa kong makisabay nang tahimik. May mga pagkakataon din na napapanatag ako, lalo na kapag natutunghayan ko ang mabilis na pagdaan ng araw at gabi, mula sa agahan, lektura sa Zoom, tanghalian, lektura muli sa Zoom, hanggang sa abutan na ng dapithapon. May kaibigang nakapagsabi sa akin na parang nasa probinsiya kami, ang ilan naman ay nagsabi na parang ganito ang buhay ng isang retirado na sa pagtuturo.

Kaya sa panahon ng online lecture at pandemya, kailangang banatin ang pakikinig mula sa pang-araw-araw na pangangailan hanggang sa politikal na aspekto nito. Kailangan ng ibayong pag-uusap-usap. Kailangang palawakin ang konsepto ng kapaligiran sa isang tunay na ekolohiya na kasama ang hayop, bagay at maging ang mga elemento ng kalikasan. Ang tunay na pakikinig samakatuwid ay kailangang humantong sa isang etika at politikal na ekolohiya ng mga nilalang at bagay, na ang lahat ay may tinig na dapat mapakinggan, karapatan at katuwirang dapat igiit. Kailangang iwaksi at wakasan ang mga humahadlang sa ganitong tunguhin. Sa ilang tanaga sa *Vocabulario*, natunghayan na iisa ang sinasabi ng mga ito tungkol sa ating pakikiyayon sa kalikasan, na sangkot ang lahat sa marupok na pag-iral ng mundo, at may hangganan ang lahat. Sa bawat daluyong, may pagkati, sa hampas ng balaklaot may banayad na timog na maghahatid pabalik, sa mga taghoy may pananahan din, at sa katahimikan, may naririnig na katotohanan.

Mga Sanggunian

- Bennett, Jane. *Vibrant Matter: A Political Ecology of Things*. Duke UP, 2010.
- Bull, Michael, at Les Back, mga patnugot. *The Auditory Culture Reader*, ikalawang ed. Bloomsbury, 2016.
- Cinco, Maricar. (2020). "Lockdown Surprise: Rare Birds Sightings." *Philippine Daily Inquirer*, 16 Mayo 2020, newsinfo.inquirer.net/1275837/lockdown-surprise-rare-bird-sightings.
- Corbin, Alain. "The Auditory Markers of Village." *Auditory Culture Reader*, ikalawang ed, pinatnugutan nina Michael Bull at Les Back. Bloomsbury, 2016.
- Crismundo, Kris. "PH logs lowest unemployment rate since pandemic." *Philippines News Agency*, 2021, <https://www.pna.gov.ph/articles/1152801>.
- de Noceda, Juan, at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario dela Lengua Tagala*, isinalin nina Virgilio Almario, Elvin Ebreo at Anna Maria Yglopaz. Komisyon sa Wikang Filipino, 2013.
- de San Antonio, Francisco. *Vocabulario Tagalo: Tagalog Spanish Dictionary*, pinatnugutan ni Antoon Postma. Pulong Sources for Philippine Studies, 2000.
- Devilles, Gary. *Sensing Manila*. Ateneo de Manila UP, 2020.
- Funtecha, Henry. "The History and Culture of Boats and Boat-Building in Western Visayas." *Philippine Quarterly of Culture and Society*, tomo 28, blg. 2, 2000, pp. 111-132. *JSTOR*, <http://www.jstor.org/stable/29792457>. Binuksan 13 Marso 2021.
- Gutierrez, Jason. "Philippine Congress Officially Shuts Down Leading Broadcaster." *The New York Times*, 10 Hulyo 2020, <https://www.nytimes.com/2020/07/10/world/asia/philippines-congress-media-duterte-abs-cbn.html>.
- Hendy, David. *Noise: A Human History of Sound and Listening*. Profile Books, 2013.
- Hornedo, Florentino, at Fr. Joaquin De Coria. "An Annotated Translation of Joaquin De Coria's Treatise on Tagalog Poetry." *Philippine Studies*, tomo 39, blg. 1, 1991, pp. 55-80. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/42633227. Binuksan 5 Marso 2021.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Ateneo de Manila UP, 1986.
- Mansell, James G. *The Age of Noise in Britain: Hearing Modernity*. U of Chicago P, 2016.
- Melendrez-Cruz, Patricia, et al., mga patnugot. *Antolohiya ng mga Panitikang Asean: Mga Awit na Pilipino*. Nalandangan, 1986.
- Newmark, Norie. *Voicetracks: Attuning to Voice in Media and the Arts*. The MIT P, 2017.
- Ong, Walter J. *Orality and Literacy: The Technologizing of the Word*. Routledge, 1981.
- Portugal, Adrian. "Philippines health workers protest neglect as COVID-19 strains hospitals." *Reuters*, 1 Setyembre 2021, <https://www.reuters.com/world/asia-pacific/philippines-health-workers-protest-neglect-covid-19-strains-hospitals-2021-09-01/>.

- Ratcliffe, Rebecca. "Journalist Maria Ressa found guilty of 'cyberlibel' in Philippines." *The Guardian*, 15 Hunyo 2020, <https://www.theguardian.com/world/2020/jun/15/maria-ressa-rappler-editor-found-guilty-of-cyber-libel-charges-in-philippines>.
- Roy, Arundhati, at Imani Perry. "The Pandemic is a Portal." *Department of African American Studies*, Princeton U, 1 Mayo 2020, <https://aas.princeton.edu/news/pandemic-portal>. Binuksan 28 Abril 2021.
- Schafer, R. Murray. *The Soundscape: Our Sonic Environment and the Tuning of the World*. Destiny Books, 1977.
- Scott, William Henry. *Barangay: Sixteenth-Century Philippine Culture and Society*. Ateneo de Manila UP, 1994.
- Talabong, Rambo. "Who is Winston Ragos, the former military man killed by police?" *Rappler*, 23 Abril 2020, <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/things-to-know-winston-ragos-former-soldier-killed-by-police>.